

Checklist ng Aplikasyon

Ang Checklist ng Aplikasyon na ito ang gagabay sa iyo sa buong impormasyon at mga materyales na kakailanganin mong ihanda at isumite ang iyong (mga) aplikasyon sa SLEG. Ang mga aplikasyon ay susuriin para sa pagiging karapat-dapat at pagkakumpleto.

Gusto mong kausapin ang isang Kinatawan ng Programang SLEG?

Tawagan ang aming Toll-Free na Hotline sa 866-280-9756 o mag-email SLEG@njhmf.gov.

Kakailanganin kang lumikha ng isang account sa platform ng aplikasyon sa SLEG gamit ang isang wastong email address. Upang makapagrehistro, dapat mong gamitin ang isang email account na mayroon kang regular na pag-access, dahil gagamitin ng mga kawani ng NJHMFA nang eksklusibo ang platform upang makipag-ugnayan sa iyo. Pagkatapos mong makagawa ng isang account, maaari kang lumikha at magsumite ng isang aplikasyon para sa iyong pinapaupahang ari-arian. Kung mayroon kang maraming karapat-dapat na ari-arian, kakailanganin mong magsumite ng hiwalay na aplikasyon para sa bawat ari-arian, ngunit ang bawat aplikasyon ay maaaring isumite sa ilalim ng parehong accounted na una mong inirehistro.

Ang bawat aplikasyon ay nangangailangan ng ilang mga piraso ng impormasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- **Ang iyong pangalan.** Dapat tumugma ang pangalan ng aplikante sa pangalan ng Pangunahing May-ari ng Ari-arian na nakatala sa [Registration Inspection Management System](#) (RIMS) ng NJDCA, kung hindi ay maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon.
- **Ang iyong Taxpayer Identification Number (TIN).** Kung isa kang indibidwal, mangyaring ipasok mo ang iyong siyam na digit na Social Security Number. Kung isa kang entidad ng negoyo, mangyaring sumangguni sa pahina 4-5 ng [IRS Form W-9](#) para makita ang naaangkop na Numero ng Pagkakakilanlan Bilang Nagbabayad ng Buwis (SSN o EIN) na ilalagay rito.
- **Mga detalye tungkol sa pinapaupahang ari-arian,** kasama ang address ng ari-arian na nakatala sa [NJDCA RIMS system](#).
- **Isang accounting ng pananalapi ng kita sa upa ng ari-arian** sa apat na buwan bago mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Disyembre ng 2019 - Marso ng 2020) at ang apat na buwan pagkatapos mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Abril ng 2020 - Hulyo ng 2020).

Dapat kang magbigay ng tatlong form ng dokumentasyon upang maberipika ang ibinigay na impormasyon:

1. **W-9 na form ng buwis**

- Para sa bawat pinaupahang ari-arian, dapat kang mag-upload ng nakumpletong W-9 na form ng buwis na naglilista sa numerong pagkakakilanlan ng buwis na ginagamit para sa pinapaupahang proyekto. Makikita ang form na ito sa website ng IRS.
- Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay kinakailangang ilagay sa form na ito upang makumpirma ng NJHMFA na walang mga natitirang pananagutan sa buwis sa Estado ng New Jersey.
- Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay ang numerong ginamit nang iulat ang kita ng paupahang ari-arian na ito para sa pederal at/o mga layunin ng buwis ng kita ng New Jersey. Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay maaaring alinman sa Social Security Number ng tao o Employer Identification

Number ng negosyo, depende sa naunang kasaysayan ng pag-uulat ng buwis ng paupahang ari-arian. Mangyaring sumangguni sa mga talaan ng buwis ng kita para sa ari-ariang paupahan na ito.

2. **(Mga) pahayag ng bangko o iba pang katibayan ng mga pinansyal na transaksyon.**
 - Ang mga pahayag ng bangko, o ibang mga pahayag ng pinansyal na transaksyon, tulad ng mga paglilipat ng pera sa pamamagitan ng mga application na tulad ng Venmo o Zelle, ay dapat na saklawin ang panahon bago at pagkatapos ng paglaganap ng COVID: Disyembre ng 2019 hanggang Marso ng 2020 at Abril hanggang Hulyo ng 2020.
 - Dapat ay malinaw na naipapakita ng mga pahayag ang pagkalugi ng kita sa pagitan ng dalawang panahon na ito sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga pagbabayad sa unang panahon, at hindi o nabawasang mga pagbabayad sa ikalawang panahon.
 - Hinihikayat ka na i-annotate ang iyong mga pahayag sa bangko upang matiyak na makikita ng mga tagasuri ng NJHMFA kapag nangyari ang mga pagbawas ng kita at kung aling mga unit sa ari-arian ang apektado.
 - **Tingnan ang halimbawa ng pahayag ng bangko sa kung paano markahan ang iyong dokumentasyon.**
 - Kung gagamit ka lamang ng mga kabayaranang cash na hindi nakadeposito, bukod sa mga pahayag ng bangko, ang aplikante ay dapat na magsumite ng nakanotaryong mga resibo na pinirmahan ng nagpapaupa at nangungupahan.
3. **(Mga) Pagpapaupa.**
 - Dapat kang mag-upload ng isang napapanahon at umiiral na pagpapaupa para sa bawat unit na naapektuhan ng COVID na nakalista sa iyong aplikasyon, nang malinaw na nakalista ang sinisingil na upa.
 - Kung nakaranas ang iyong (mga) unit ng pagbabago ng nangungupahan sa pagitan ng Disyembre ng 2019 at Hulyo ng 2020, dapat mong isama ang lahat ng mga pagpapaupa na ipinatutupad sa panahong ito.
 - Tiyakin na ang bawat pagpapaupang ia-upload mo ay may petsa at nilagdaan ng kasero at nangungupahan. Ang bawat pagpapaupa ay dapat na mayroong nakasaad na malinaw na tagal ng pagpapaupa (hal., “buwanan,” “12 buwan/1 taon,” “24 na buwan/2 taon.”) Ang bawat pag-upa ay dapat rin na mayroong malinaw na nakasaad na upa na sinisingil bawat buwan. Kung wala sa iyong mga pagpapaupa ang impormasyong ito, maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon.
 - **Tingnan ang sampol na pagpapaupa na ito bilang halimbawa.**

Kung ang iyong aplikasyon para sa kaloob ay inaprubahan nang may kundisyon ng mga tagasuri ng NJHMFA, aabisuhan ka sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon at abiso sa pamamagitan ng email. Sa puntong ito, kakailanganin mong magbigay ng NJHMFA:

- Ang pangalan ng iyong bangko at address
- Ang numero ng routing ng iyong bangko (numero ng ABA)
- Ang numero ng iyong account sa bangko at ang pangalan ng account

Mahamanap mo ang mga numerong ito sa ibaba ng iyong mga tseke. Ang unang hanay ng mga numero ay ang numero ng routing ng bangko at ang pangalawang hanay ay ang iyong numero ng account. Mangyaring isama ang lahat ng nangungunang mga zero.

Ang pansuportang dokumentasyon para sa mga detalye ng iyong bangko, tulad ng isang kanseladong tseke o kumpirmasyon/sulat mula sa iyong bangko na nagsasaad ng impormasyong ito at kakailanganin din sa pagkakataong ito.

Mayroon kang limang araw ng negosyo mula sa abiso ng may kondisyong pag-apruba upang ilagay ang mga detalye ng iyong bangko sa portal ng aplikasyon. Kung mabibigo kang i-upload ang iyong mga detalye sa portal sa loob ng takdang oras na ito, maaaring mawala ang pagkakataon mong matanggap ang iyong gawad.

Gusto mong kausapin ang isang Kinatawan ng Programang SLEG? Tumawag sa aming Toll-Free na Hotline sa 866-280-9756 o mag-email sleg@njhmfa.gov.

Mga Madalas na Tinatanong

Mga FAQ sa Programa

T1: Ano ang Programa ng NJHMFA na Emerhensiyang Kaloob para sa Maliit na Kasero (Small Landlord Emergency Grant, SLEG)?

S1: Ang Programang SLEG ay isang programang tulong sa emerhensiyang pabahay na idinisenyo upang maibsan ang mga negatibong epekto ng pinansiyal na stress ng COVID-19 para sa maliliit na mga kasero at kanilang mga nangungupahan. Ang Programa ay nagbibigay ng tulong sa maliliit na mga kasero upang mabayaran ang mga bayad sa upa na napalampas o nabawasan noong Abril, Mayo, Hunyo o Hulyo ng 2020 dahil sa COVID-19 na emerhensiya sa kalusugan ng publiko. Dapat na ipasa ng mga kalahok sa Programa ang benepisyo sa kanilang mga nangungupahan sa pamamagitan ng pagpapatawad sa natitirang upa mula sa nakaraan at mga nahuling bayarin para sa mga unit na naapektuhan ng COVID na naipon sa pagitan ng Abril-Hulyo ng 2020. Ang mga pinauupahang ari-arian lamang na mayroong nasa pagitan ng tatlo at 30 na unit sa kabuuan ang karapat-dapat para sa Tulong ng SLEG.

T2: Paano tinutukoy ang mga halaga ng gawad ng SLEG?

S2: Walang nakatakdang pinakamababa o pinakamataas na halaga ng gawad para sa programang ito. Ang halaga ng kaloob ay kakalkulahin batay sa bilang ng mga karapat-dapat na mga unit sa ari-arian at sa netong kakulangan sa upa para sa bawat karapat-dapat na unit para sa apat na buwang panahon sa pagitan ng Abril at Hulyo ng 2020.

Halimbawa, ipagpalagay na nagmamay-ari ka ng isang pinapaupahan sa County ng Hudson na may tatlong apartment na may tig-isang silid-tulugan kung alin ang bawat isa ay may buwanang upa na \$1,000. Kung ang lahat ng tatlong nangungupahan sa iyo ay nawalan ng kita at hindi makabayad ng anumang upa para sa Abril, Mayo, Hunyo, at Hulyo ng 2020, at natugunan ng iyong aplikasyon ang lahat ng mga sukatan at pamantayan ng NJHMFA, kwalipikado ka para sa tulong na kaloob hanggang sa \$12,000.

Kung, sa halip, dalawa sa iyong mga nangungupahan ay makakapagbayad lamang ng kalahati ng kanilang upa para sa lahat ng apat na buwan at ang isa ay nagbayad nang buo para sa Abril at Mayo at wala para sa Hunyo at Hulyo, ang iyong kabuuang halaga ng kaloob para sa ari-arian ay magiging \$6,000:

2 unit x \$500 netong kakulangan sa upa sa bawat buwan x 4 na buwang hindi pagbabayad (Abril - Hulyo)
+ 1 unit x \$1,000 netong kakulangan bawat buwan x 2 buwan na hindi pagbabayad (Hunyo/Hulyo) =
hanggang sa \$6,000 sa kabuuan na kaloob na tulong

[Top](#)

Mga FAQ sa Kwalipikasyon

T3: Kwalipikado ba ako para sa Programa ng NJHMFA na Emerhensiyang Kaloob para sa Maliit na Kasero?

S3: Upang maging karapat-dapat ka para sa Programa ng NJHMFA na Emerhensiyang Kaloob para sa Maliit na Kasero, ikaw, ang iyong ari-arian, at ang iyong mga unit na pinapaupahan ay dapat matugunan ang mga sumusunod na pamantayan sa pagiging karapat-dapat:

- Ikaw ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian na isang maliit na pinapaupahang tirahan (ibig sabihin, hindi isang condominium o pag-aari ng kooperatiba) sa New Jersey na nakarehistro sa Bureau of Housing Inspection ng New Jersey Department of Community Affairs [sa database ng Registration Inspection Management System \(RIMS\)](#).
- **HINDI** ka isang entidad ng gobyerno o awtoridad sa pabahay ng publiko.
- Ikaw ay napapanahon sa lahat ng mga obligasyon sa buwis sa estado at lokal.
- Ang iyong ari-arian ay naglalaman ng hindi bababa sa tatlo at hindi hihigit sa 30 kabuuang pinapaupahang mga unit (ibig sabihin mga apartment)
- Ang iyong ari-arian ay **HINDI** isang pana-panahong ari-arian o bakasyunang ari-arian na pinapaupahan.
- Ang iyong ari-arian ay walang umiiral na mga paglabag sa alituntunin ng kaligtasan ng buhay sa RIMS database ng NJDCA
- Ang iyong ari-arian ay naglalaman ng hindi bababa sa isang **hindi bakanteng** unit na apektado ng COVID na nakaranas ng netong kakulangan sa pagitan ng Abril at Hulyo ng 2020. Nangangahulugan ito na ang kabuuang upa mula sa nangungupahan sa loob ng apat na buwang ito ay lumalampas sa halagang binabayaran ng nangungupahan sa panahong ito. Ang ibig sabihin ng hindi bakante ay dapat okupado ang unit ng isang nangungupahan para sa lahat ng mga buwan na inaaplayan para sa aplikasyon.
- Ang mga upa na sisingilin sa (mga) unit na naapektuhan ng COVID ay hindi hihigit sa pinakamataas na mga hangganan ng upa na nakalista sa talahanayan sa ibaba. Mangyaring tandaan na kung ang isang unit ay may upa na mas mataas sa hangganan ng upa para sa laki ng silid-tulugan nito, ang unit na iyon ay *ganap na hindi kwalipikado* para sa tulong.

Laki ng Silid-tulugan						
County kung saan Matatagpuan ang Ari-ariang Pinapaupahan	Studio	1-Silid-tulugan	2-Silid-tulugan	3-Silid-tulugan	4-Silid-tulugan	5-Silid-tulugan
County ng Atlantic	1,182	1,266	1,518	1,754	1,956	2,159
County ng Bergen	1,504	1,611	1,932	2,232	2,490	2,748
County ng Burlington	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Camden	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Cape May	1,202	1,288	1,546	1,785	1,992	2,197
County ng Cumberland	1,028	1,102	1,322	1,527	1,704	1,880
County ng Essex	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Gloucester	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Hudson	1,382	1,480	1,776	2,051	2,288	2,525
County ng Hunterdon	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060

County ng Mercer	1,564	1,676	2,012	2,324	2,592	2,861
County ng Middlesex	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060
County ng Monmouth	1,532	1,642	1,970	2,276	2,540	2,802
County ng Morris	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Ocean	1,532	1,642	1,970	2,276	2,540	2,802
County ng Passaic	1,504	1,611	1,932	2,232	2,490	2,748
County ng Salem	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Somerset	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060
County ng Sussex	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Union	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Warren	1,448	1,552	1,862	2,151	2,400	2,648

T4: Nagmamay-ari ako ng pinapaupahang ari-arian na kasalukuyang hindi nakarehistro sa New Jersey Department of Community Affairs Bureau of Housing Inspection. Maaari ba akong mag-sign up ngayon upang makakuha ng access sa programang ito?

S4: Hindi. Dapat na nakarehistro ka na sa RIMS database ng DCA, napapanahon sa mga inspeksyon at walang umiiral na mga paglabag sa alituntunin ng kaligtasan ng buhay sa Setyembre 22, 2020 para maging kwalipikado para sa Programa ng SLEG. [Tingnan para masuri](#) kung nakarehistro ka o ang iyong ari-arian.

T5: Mayroon akong maraming maliliit na mga pinapaupahang residensiyal na ari-arian na nakakatugon sa pamantayan sa pagiging karapat-dapat. Maaari ba akong mag-apply para sa tulong ng SLEG nang higit sa isang ari-arian?

S5: Oo. Maaari kang mag-apply para sa tulong para sa higit sa isang pinapaupahang ari-arian, hangga't nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nakalista sa itaas ang lahat ng mga ari-arian at unit na pinag-uusapan. Kailangan mo lamang lumikha ng isang account ng aplikante sa platform ng aplikasyon, ngunit dapat kang magsumite ng isang hiwalay na aplikasyon para sa bawat pinapaupahang ari-arian. Ang bawat isa sa iyong mga ari-arian ay isasaalang-alang nang hiwalay sa computer-randomized na sistema ng pag-order pagkatapos na magsara ang portal ng aplikasyon.

T6: Paano kung ang aking ari-arian ay may maraming gusali? Kailangan ko bang magsumite ng isang aplikasyon para sa bawat gusali?

T6: Dapat kang magsumite ng isang aplikasyon para sa bawat ari-arian. Ang bawat ari-arian ay may natatanging sampung digit na Numero ng Pag-rehistro ng Ari-arian sa database ng NJDCA RIMS. Kung ang iyong ari-arian ay may maraming gusali, lahat ng ito ay sakop sa ilalim ng isang solong aplikasyon.

T7: Isa akong tagapamahala ng ari-arian para sa isang maliit na paupahan sa New Jersey. Maaari ba akong magsumite ng aplikasyon para sa Programang SLEG?

A7: Tanging ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian na nakatala sa Department of Community Affairs Bureau of Housing Inspection ng New Jersey ang kwalipikadong magsumite ng isang aplikasyon para sa Programang SLEG. Kung ikaw ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian at tagapamahala ng iyong ari-arian, kwalipikado kang mag-apply. Kung pinamamahalaan mo ang ari-arian ngunit hindi mo ito pagmamay-ari, hindi ka karapat-dapat na mag-apply. Sa halip, mangyaring hilingin sa Pangunahing May-ari ng iyong Ari-arian na isumite niya ang aplikasyon.

T8: Isa akong entidad ng gobyerno o awtoridad sa pampublikong pabahay. Kwalipikado ba ako para sa tulong ng SLEG?

S8: Hindi, tanging ang mga may-ari ng pribadong ari-arian ang karapat-dapat para sa programang ito.

T9: Nakatira ako sa isa sa mga unit sa maliit na pinapaupahang ari-arian na pagmamay-ari ko. Karapat-dapat ba ako para sa kaloob na tulong sa ilalim ng Programang ito?

S9: HINDI mo maaaring gamitin ang isang SLEG na gawad upang tulungan ang isang unit na tinirahan ng may-ari. Gayunpaman, ang ibang *pinapaupahan* na mga unit sa iyong gusali ay maaaring maging kwalipikado para sa pagbabalik ng bayad kung natutugunan ng mga ito ang mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na nakalista sa T3.

Mangyaring tandaan na ang pinakamataas na bilang ng mga unit sa isang kwalipikado na ari-arian, kabilang ang parehong mga nangungupahan at mga unit na tinirahan ng may-ari, ay hindi maaaring lumampas sa 30.

T10: Naniningil ako ng mga upa na nasa itaas ng mga hangganan ng programa para sa aking county. Karapat-dapat ba ako para sa di-buong kaloob na tulong?

S10: Hindi. Ang kaloob na tulong ay magagamit lamang upang mabayaran ang nabawasan na kita sa upa sa mga unit na bumagsak ang mga upa sa o nasa ibaba ng pinakamataas na mga hangganan para sa iyong county. Kung naniningil ka nang higit sa limitasyon ng county para sa isang unit sa iyong ari-arian, ang unit na iyon *hindi kwalipikado* para sa tulong ng SLEG.

T11: Paano kung ang lahat ng mga nangungupahan sa akin ay nakapagbayad nang buo sa kanilang upa?

S11: Ang anumang unit na walang netong kakulangan sa upa sa loob ng apat na buwan sa pagitan ng Abril at Hulyo ng 2020 ay hindi karapat-dapat para sa tulong ng SLEG. Kung ang lahat ng mga nangungupahan sa iyo ay (1) nakapagbayad ng kanilang upa nang buo o (2) nakapagbayad ng anumang kulang na upa sa loob ng panahong ito, ang iyong ari-arian ay hindi kwalipikado para sa tulong ng SLEG.

T12: Paano kung tumatanggap ang nangungupahan sa akin ng tulong sa pagpapaupa o humiling na ipambayad sa kanilang upa ang kanilang depositong panseguridad alinsunod sa EO 128?

S12: Ang anumang upa na binayaran sa ngalan ng nangungupahan ng ibang pinagmulan o mula sa kanilang depositong panseguridad ay ibibilang na natanggap na upa para sa mga layunin ng isang pagkalkula ng kakulangan sa upa. Halimbawa, kung ang nangungupahan sa iyo ay hindi makapagbayad ng upa sa Hunyo o Hulyo ngunit humiling na gamitin ang kanilang depositong panseguridad bilang kabayaran sa upa ng Hunyo, ang unit ng nangungupahan ay kwalipikado lamang para sa isang buwan na pagbabalik ng bayad para sa Hulyo.

T13: Sinasaklaw ba ng tulong ng SLEG ang mga huling bayarin (late fee) na natamo ng mga nangungupahan sa karapat-dapat na panahon?

S13: Magre-reimburse ang kaloob ng SLEG para sa mga hindi pagbabayad ng renta, ngunit kung makakatanggap ka ng SLEG grant, dapat mo ring alisin ang mga bayarin sa pagkahuli na nakuha ng mga nangungupahang naninirahan sa mga tinulungang unit sa pagitan ng Abril at Hulyo 2020.

T14: Kailangan ko bang mag-apply para sa tulong para sa lahat ng mga unit sa aking pinapaupahang ari-arian kung ang ilan sa mga ito ay hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat?

S14: Hindi. Ang anumang kahilingan para sa tulong para sa mga unit na hindi karapat-dapat batay sa pamantayan na binigyang-diin sa T3 ay tatanggihan. Inilalarawan ng T11, T12, at T13 ang mga partikular na pangyayari kung alin dapat ka lamang na mag-apply para sa tulong para sa isang subset ng mga unit na pinapaupahan sa iyong ari-arian.

T15: Paano kung ang ilan lamang sa mga unit sa aking gusali ang nakakatugon sa pinakamataas na mga hangganan ng upa?

S15: Ang mga kahilingan para sa tulong ng SLEG para sa mga unit na nasa itaas ng hangganan ng mga upa ay tatanggihan. Gayunpaman, maaaring bigyan ng tulong ng SLEG ang mga unit na nasa o nasa ibaba ng hangganan ng mga upa sa parehong ari-arian.

T16: Paano kung ilan lamang sa mga nangungupahan sa aking gusali ang nakaligta o nagbawas ng kanilang mga bayad sa upa mula nang lumaganap ang COVID-19?

S16: Dapat ka lamang na mag-apply para sa tulong ng SLEG para sa mga unit na may nalaktawan o nabawasang mga bayad sa upa sa Abril, Mayo, Hunyo, o Hulyo ng 2020.

T17: Paano kung ang ilan sa mga nangungupahan sa akin ay hindi napapanahon sa kanilang upa kahit na bago pa ang COVID-19?

S17: Hihilingin sa iyo ng aplikasyon para sa Programang SLEG na saklawin ang upa na nabayaran bago ang paglaganap ng COVID-19 noong Marso. Kung ang netong kakulangan sa upa para sa apat na buwan bago ang paglaganap ng COVID-19 (Disyembre ng 2019 - Marso ng 2020) ay mas malaki kaysa

sa netong kakulangan para sa apat na buwan kasunod ng paglaganap ng COVID-19 (Abril - Hulyo ng 2020), ang unit na iyon ay hindi karapat-dapat para sa tulong dahil ang hindi pagbabayad sa upa ay hindi makatwirang maiuugnay sa COVID-19. Ang mga unit lamang kung saan ang hindi pagbabayad ng upa mula Abril hanggang Hulyo ng 2020 ay humihigit sa mga kakulangan sa upa bago ang COVID ang kwalipikado.

T18: Paano kung nabakante ang mga unit sa aking gusali sa panahon ng emerhensiya ng COVID-19?

S18: Ang mga tinirahang unit lamang ang karapat-dapat para sa tulong sa ilalim ng Programang SLEG. Walang pagbabalik ng bayad na ibibigay sa isang unit na walang nangungupahan sa panahon ng gawad na Abril - Hulyo ng 2020. Ang mga unit na naapektuhan ng COVID na bakante bago sumiklab ang COVID-19 noong Marso 2020 ngunit tinirahan pagkatapos ng Marso ay maaaring maging karapat-dapat para sa tulong hangga't natutugunan ang lahat ng iba pang pamantayan sa pagiging karapat-dapat.

T19: Paano kung ang aking ari-arian ay parehong komersyal at residensyal?

S19: Ang tulong ng SLEG ay magagamit lamang ng mga aplikante na may *residensyal* na mga pinapaupahang unit na tinirahan ng mga nangungupahan sa pagitan ng Abril at Hulyo ng taong 2020. Sa nasabing ito, kung ang magkahalong gamit ng gusali ay naglalaman ng komersyal na lugar bukod sa tatlo o higit pang residensyal na pinapaupahang mga unit, magiging kwalipikado ang mga ito para sa tulong basta matugunan ang mga pamantayan ng ibang programa.

[Top](#)

Mga FAQ sa Aplikasyon

T20: Paano ako mag-aapply para sa Programang SLEG?

S20: Para mag-apply sa Kaloob na ito, kakailanganin mong lumikha ng isang account sa platform ng aplikasyon gamit ang isang may bisa at naa-access na email address na regular mong tinitingnan. Kapag nakagawa ka na ng isang account, maaari kang lumikha at magsumite ng isang aplikasyon para sa iyong pinapaupahang ari-arian. Kung mayroon kang maraming karapat-dapat na mga ari-arian, kakailanganin mong magsumite ng isang hiwalay na aplikasyon para sa bawat ari-arian. Kailangan mong magbigay ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan, buwis, at pananalapi para sa bawat aplikasyon, pati na rin ang pansuportang dokumentasyon upang mapatunayan ang impormasyon na iyong ibinigay. Ang online na aplikasyon ay magbubukas nang **12 PM EDT sa ika-28 ng Setyembre** sa www.njhousing.gov/rentals/sleg.

T21: Kailangan ko ba ng Internet para makapag-apply? Paano ako makakapagsumite ng isang aplikasyon sa elektronikong paraan?

S21: Kakailanganin mo ng access sa Internet upang makapagsumite ng isang aplikasyon. Maaari mong ma-access ang portal ng aplikasyon sa pamamagitan ng computer o ng isang mobile na device o tablet na nakaka-access sa web. Iminumungkahi namin ang paggamit ng Firefox o Chrome para sa pinakamahusay na karanasan.

T22: Sino ang awtorisadong magsumite ng isang aplikasyon para sa isang pinapaupahang ari-arian sa platform ng aplikasyon ng NJHMFA?

S22: Tanging ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian, ayon sa nakarehistro sa Bureau of Housing Inspection ng NJDCA, ang awtorisadong magsumite ng isang aplikasyon para sa pinapaupahang ari-arian.

T23: Magagamit ba ang aplikasyon sa iba't ibang wika?

S23: Ibibigay ng NJHMFA ang online na aplikasyon sa Ingles at Espanyol. Ang NJHMFA ay nakipagkontrata para sa mga serbisyo ng interpretation upang suportahan ang nagsasalita ng alinman sa hindi bababa sa 10 mga karagdagang wika: Arabe, Mandarin, Kantonese, Gujarati, Hindi, Italyano, Koreano, Polish, Portuges, at Tagalog.

Maaaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa languagehelp@njhmfa.gov upang makatanggap ng tawag sa loob ng isang araw ng negosyo mula sa isang kinatawag maaari nilang makausap sa kanilang pangunahing wika.

T24: Kailangan ko ba ng isang email address upang makapagsumite ng isang aplikasyon?

S24: Kakailanganin mo ng isang may-bisa, naa-access na email address na regular mong tinitingnan para makalikha ng isang account sa portal ng aplikasyon at makapagsumite ng isang aplikasyon. Gagamitin din ng NJHMFA ang email address na ito upang abisuhan ka kaugnay ng desisyon sa iyong aplikasyon at upang humiling ng mga detalye ng bangko para sa elektronikong pagbabayad ng gawad. Dahil sa maikling oras ng paglutas sa mga problema sa iyong aplikasyon (5 araw ng negosyo) at pag-upload ng mga detalye ng bangko sa kondisyunal na paggawad (5 araw ng negosyo), mangyaring tiyakin na regular mong tinitingnan ang email na ito, lalo na ang mga spam/junk folder.

T25: Anong impormasyon ang kailangan kong tipunin para sa aking aplikasyon?

S25: Kakailanganin mo ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at sa buwis (ibig sabihin, ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian) at pinansiyal na impormasyon tungkol sa iyong ari-arian at paupahang mga unit. Kasama sa impormasyon ang, ngunit hindi limitado sa:

- **Ang iyong pangalan.** Dapat tumugma ang pangalan ng aplikante sa pangalan ng Pangunahing May-ari ng Ari-arian na nakatala sa [Registration Inspection Management System](#) (RIMS) ng NJDCA, kung hindi ay maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon.
- **Ang iyong Taxpayer Identification Number (TIN).** Kung isa kang indibidwal, mangyaring ipasok mo ang iyong siyam na digit na Social Security Number. Kung isa kang entidad ng negoyo, mangyaring sumangguni sa pahina 4-5 ng [IRS Form W-9](#) para makita ang naaangkop na Numero ng Pagkakakilanlan Bilang Nagbabayad ng Buwis (SSN o EIN) na ialalagay rito.
- **Mga detalye tungkol sa pinapaupahang ari-arian,** kasama ang address ng ari-arian na nakatala sa [NJDCA RIMS system](#).
- **Isang accounting ng pananalapi ng kita sa upa ng ari-arian** sa apat na buwan bago mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Disyembre ng 2019 - Marso ng 2020) at ang apat na buwan pagkatapos mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Abril ng 2020 - Hulyo ng 2020).

T26: Anong dokumentasyon ang kailangan kong ibigay upang maging kwalipikado sa programa?

S26: Kailangan mong magbigay ng tatlong form ng dokumentasyon upang mapatunayan ang impormasyong inilalagay mo sa web na aplikasyon.

2. **W-9 na form ng buwis**

1. Para sa bawat pinaupahang ari-arian, dapat kang mag-upload ng nakumpletong W-9 na form ng buwis na naglilista sa numerong pagkakakilanlan ng buwis na ginagamit para sa pinapaupahang proyekto. Makikita ang form na ito sa website ng IRS.
2. Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay kinakailangang ilagay sa form na ito upang makumpirma ng NJHMFA na walang mga natitirang pananagutan sa buwis sa Estado ng New Jersey.
3. Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay ang numerong ginamit nang iulat ang kita ng paupahang ari-arian na ito para sa pederal at/o mga layunin ng buwis ng kita ng New Jersey. Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay maaaring alinman sa Social Security Number ng tao o Employer Identification Number ng negosyo, depende sa naunang kasaysayan ng pag-uulat ng buwis ng paupahang ari-arian. Mangyaring sumangguni sa mga talaan ng buwis ng kita para sa ari-ariang paupahan na ito.

3. **(Mga) pahayag ng bangko o iba pang katibayan ng mga pinansyal na transaksyon.**

1. Ang mga pahayag ng bangko, o ibang mga pahayag ng pinansyal na transaksyon, tulad ng mga paglilipat ng pera sa pamamagitan ng mga application na tulad ng Venmo o Zelle, ay dapat na saklawin ang panahon bago at pagkatapos ng paglaganap ng COVID: Disyembre ng 2019 hanggang Marso ng 2020 at Abril hanggang Hulyo ng 2020.
2. Dapat ay malinaw na naipapakita ng mga pahayag ang pagkalugi ng kita sa pagitan ng dalawang panahon na ito sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga pagbabayad sa unang panahon, at hindi o nabawasang mga pagbabayad sa ikalawang panahon.
3. Hinihikayat ka na i-annotate ang iyong mga pahayag sa bangko upang matiyak na makikita ng mga tagasuri ng NJHMFA kapag nangyari ang mga pagbawas ng kita at kung aling mga unit sa ari-arian ang apektado.
4. **Tingnan ang halimbawa ng pahayag ng bangko sa kung paano markahan ang iyong dokumentasyon.**
5. Kung gagamit ka lamang ng mga kabayaranang cash na hindi nakadeposito, bukod sa mga pahayag ng bangko, ang aplikante ay dapat na magsumite ng nakanotaryong mga resibo na pinirmahan ng nagpapaupa at nangungupahan.

4. **(Mga) Pagpapaupa.**

1. Dapat kang mag-upload ng isang napapanahon at umiiral na pagpapaupa para sa bawat unit na naapektuhan ng COVID na nakalista sa iyong aplikasyon, nang malinaw na nakalista ang sinisingil na upa.
2. Kung nakaranas ang iyong (mga) unit ng pagbabago ng nangungupahan sa pagitan ng Disyembre ng 2019 at Hulyo ng 2020, dapat mong isama ang lahat ng mga pagpapaupa na ipinatutupad sa panahong ito.
3. Tiyakin na ang bawat pagpapaupang ia-upload mo ay may petsa at nilagdaan ng kasero at nangungupahan. Ang bawat pagpapaupa ay dapat na mayroong nakasaad na malinaw na tagal ng pagpapaupa (hal., “buwanan,” “12 buwan/1 taon,” “24 na buwan/2 taon.”) Ang bawat pag-upa ay dapat rin na mayroong malinaw na nakasaad na upa na sinisingil bawat buwan. Kung wala sa iyong mga pagpapaupa ang impormasyong ito, maaaring tanggihan ang iyong aplikasyon.
4. **Tingnan ang sampol na pagpapaupa na ito bilang halimbawa.**

T27: Ano ang mangyayari kung mayroong (mga) suliranin sa aking dokumentasyon?

S27: Kung may (mga) suliranin sa dokumentasyon ng iyong aplikasyon na hindi malutas ng mga tagasuri ng NJHMFA, aabisuhan ka sa pamamagitan ng email. Mayroon kang limang araw ng negosyo mula sa pagkatanggap sa abiso upang lutasin ang (mga) suliranin; i-hohold namin ang iyong lugar sa linya ng pagsusuri para sa panahong ito ng paglutas, ngunit ang pagkabigong lutasin ito sa loob ng inilaang takdang panahon ay makakapinsala sa iyong pagkakataon na makatanggap ng isang kaloob.

T28: Paano kung ang paraan ng pagbayad ng upa ng nangungupahan sa akin ay cash?

S28: Kung nagbabayad ng cash ang nangungupahan sa iyo, at mayroon kang katibayan ng pagdeposito ng cash na upa ng nangungupahan sa iyo sa isang pahayag sa bangko, ang unit ng nangungupahan na ito ay kwalipikado para sa pagbabalik ng bayad hangga't natutugunan ng kanilang unit ang lahat ng iba pang pamantayan sa pagiging karapat-dapat. Kung gagamit lamang ang aplikante ng mga kabayaranang cash na hindi nakadeposito, bukod sa mga pahayag ng bangko, ang aplikante ay dapat na magsumite ng nakanotaryong mga resibo na pinirmahan ng nagpapaupa at nangungupahan.

T29: Maaari ba akong gumawa ng mga pagbabago o pagwawasto sa aking aplikasyon sa sandaling naisumite na ito?

S29: Hindi, hindi ka na maaaring gumawa ng mga pagbabago o pagwawasto sa iyong aplikasyon sa sandaling naisumite na ito. Ang tanging aksyon na maaari mong gawin sa iyong aplikasyon pagkatapos ng pagsumite ay ang iwasto ang (mga) suliranin na natukoy sa iyong dokumentasyon ng mga tagasuri ng NJHMFA, tulad ng inilarawan sa nakaraang tanong.

T30: Saan ako pupunta upang maisumite ng isang aplikasyon?

S32: Sa sandaling mailunsad ang portal ng aplikasyon, matatagpuan ito sa pamamagitan ng pag-navigate sa [webpage ng Programang SLEG ng NJHMFA](#).

T31: Ano ang panahon ng aplikasyon para sa pagsusumite ng aplikasyon?

S31: Magbubukas ang portal sa Lunes, Setyembre 28, 2020 sa 12 PM EST at magsasara sa Oktubre 13, 2020 sa 4 PM EST.

T32: Kwalipikado ba akong mag-apply para sa phase 2 ng SLEG kung nag-apply na ako para sa phase 1?

S32: Maaari ka lamang mag-apply para sa tulong sa phase 2 ng SLEG para sa mga unit na hindi nakatanggap ng kaloob sa phase 1.

Mga FAQ sa Pagrepaso ng Aplikasyon

T33: Paano kung makahanap ang mga tagasuri ng NJHMFA ng pagkakaiba-iba sa pagitan ng impormasyon na inilagay ko sa form sa web at sa dokumentasyon na isusumite ko?

S33: Gagamitin ng NJHMFA ang dokumentasyon na ibibigay mo bilang may-bisang sanggunian ng impormasyon para sa iyong aplikasyon. Kung makakatukoy ang mga tagasuri ng NJHMFA ng (mga) suliranin sa iyong dokumentasyon, bibigyan ka nila ng limang araw ng negosyo na panahon ng paglutas kung saan ay itatama mo ang (mga) suliranin.

T34: Kung hihilingin sa aking lutasin ang isang isyu sa aplikasyon, nangangahulugan ba itong makakakuha ako ng pondo?

S34: Hindi. Hihingi ang mga tagasuri ng NJHMFA ng paglutas kapag kailangan nilang linawin ang isang bagay tungkol sa iyong aplikasyon. Matutukoy lang ng mga tagasuri ang kalalabasan ng iyong aplikasyon pagkatapos nilang makatanggap ng kwalipikado at kumpletong aplikasyon.

T35: Ano ang Pagdoble ng Benepisyo?

S35: Sa aplikasyon, kailangan mong sagutan ang isang tanong sa Pagdoble ng mga Benepisyo (DOB) na nagbibigay-alam sa NJHMFA kung nag-apply ka sa ibang programang pinopondahan ng CARES Act. Nangyayari ang DOB kapag nakatanggap ang isang entity ng tulong mula sa maraming pinagmulan para sa parehong pangangailangan. Upang maiwasana ang DOB, bababaan ng NJHMFA ang halaga ng Tulong ng SLEG sa halaga ng ibang tulong na natanggap para sa parehong pangangailangan. Kung mas malaki ang pangangailangan kumpara sa ibinigay na tulong, walang DOB.

[Top](#)

Mga FAQ sa Desisyon

T36: Sa anong ayos mapoproseso ang mga aplikasyon?

T36: Upang matiyak na ang lahat ng mga aplikante ay may pantay na pagkakataon upang magsumite ng isang kumpletong aplikasyon, gagamit kami ng isang programa sa computer upang mai-randomize ang ayos kung saan ang mga aplikasyon ay susuriin at gagawaran.

T37: Gaano katagal ang aabutin para maiproseso ang aking aplikasyon?

S37: Layon ng NJHMFA na iproseso ang mga aplikasyon sa SLEG sa lalong madaling panahon at gagawin namin ang aming makakaya upang mapanatili kang updated sa katayuan ng iyong aplikasyon. Sa kasamaang palad, sa ngayon, hindi kami makakapagbigay ng isang pagtatantya para sa pagproseso ng aplikasyon. Gayunpaman, siguraduhing tingnan ang iyong email spam o junk folder upang hindi mo makaligtaan ang mensahe mula sa amin. Maaari ka ring mag-log in sa iyong account para sa mga regular na update sa katayuan ng iyong aplikasyon.

T38: Maaari ko bang tingnan ang katayuan ng aking aplikasyon sa online?

S38: Oo, maari mong tingnan ang katayuan ng iyong aplikasyon sa online sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon. Aabisuhan ka rin ng NJHMFA sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon at sa pamamagitan ng email. Mangyaring tiyaking tingnan ang iyong mga junk o spam folder.

T39: Paano ako makakatanggap ng mga pondo kung maaprubahan para sa kaloob na ito?

S39: Kung ang iyong aplikasyon para sa kaloob ay inaprubahan nang may kundisyon ng mga tagasuri ng NJHMFA, aabisuhan ka sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon at aabisuhan ka sa pamamagitan ng email. Sa puntong ito, hihiling ang NJHMFA ng mga detalye ng bangko mula sa iyo sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon. Kailangan mong ibigay ang:

- Ang pangalan ng iyong bangko at address
- Ang numero ng routing ng iyong bangko (numero ng ABA)
- Ang numero ng iyong account sa bangko at ang pangalan ng nagbayad, ayon sa lumilitaw sa account.

Mahamanap mo ang mga numerong ito sa ibaba ng iyong mga tseke. Ang unang hanay ng mga numero ay ang numero ng routing ng bangko at ang pangalawang hanay ay ang iyong numero ng account. Mangyaring isama ang lahat ng nangungunang mga zero.

Ang pansuportang dokumentasyon para sa mga detalye ng iyong bangko, tulad ng isang kanseladong tseke o kumpirmasyon/sulat mula sa iyong bangko na nagsasaad ng impormasyong ito at kakailanganin din sa pagkakataong ito.

Magkakaroon ka ng limang araw na may negosyo upang ilagay ang hinihiling na impormasyon. Kung mabibigo kang i-upload ang iyong mga detalye sa portal sa loob ng takdang oras na ito, maaaring mawala ang pagkakataon mong matanggap ang iyong gawad.

T40: Ano'ng mangyayari pagkatapos kong matanggap ang aking gawad?

S40: Aabisuhan sa pamamagitan ng liham ng iyong gawad ang mga nangungupahan sa iyong mga tinulungang unit sa iyong pinapaupahang ari-arian upang matiyak na aalisin mo ang natitirang upa at mga bayarin sa pagkahuli na nakuha nila sa kanilang unit sa pagitan ng Abril at Hulyo 2020.

Q41: Maaari ba akong maghain ng apela kung tinanggihan ang aking aplikasyon?

Q41: Ang mga aplikante ay maaabisuhan sa liham ng pagtanggap kung ang isang apela ay isasaalang-alang o hindi at, kung ganito, ang susunod na proseso. Ang mga aplikante ay mayroong limang araw na may negosyo upang maghain ng apela sa NJHMFA pagkatapos matanggap ang kanilang liham.

Abiso sa Pagkakaroon ng Pondo

Pangkalahatang-ideya

Noong Marso 9, 2020, bilang bahagi ng nakakoordinang tugon ng estado upang tugunan ang paglaganap ng COVID-19, inilabas ni Gobernador Murphy ang Executive Order 103, na nagdedeklara ng isang State of Emergency at isang Emerhensiya sa Pampublikong Kalusugan, upang mapigilan ang pagkalat nito. Sinundan ito ng Executive Order 106 noong Marso 19, 2020 na nagpapahayag ng isang moratorium sa mga pagsasara at pagpapaalis at sa pamamagitan ng mga Executive Order 119, 138, 151, at 162, na nagpalawig sa State of Emergency.

Parehong ang pampublikong mga epekto sa kalusugan at pananalapi na dulot ng pandemya ng COVID-19 ay naglagay sa mga kasero at nangungupahan sa buong estado sa isang mahirap na posisyon. Maraming mga nangungupahan ang nawalan ng kakayahang bayaran ang kanilang mga gastos sa pabahay sa panahon ng Emerhensiya; ang hindi pagbabayad sa mga nangungupahan sa New Jersey ay patuloy na nadadagdagan mula 12% noong Abril hanggang 25% noong Hunyo. Dahil dito, nawalan ng kita ang mga kasero mula sa upa at nahirapan upang mapanatili ang normal na operasyon ng mga residensyal na paupahan para sa maraming pamilya.

Ang mga maliliit na mga kasero ang pinakanaapektuhan sa mga negatibong epekto ng pagbagsak ng ekonomiya dahil sa COVID-19, dahil ang mga nangungupahang mababa ang kita at nagtatrabaho sa mga nanganganib na industriya ay desproporsyonadong nakatira sa maliliit na mga paupahang gusali. Bukod dito, ang mga maliliit na gusaling apartment ay mas malamang na hindi masuportahan para sa pagkalugi at mas malamang na hindi maging karapat-dapat para sa tulong sa pabahay at mga programa ng pagtitiis na iniaalok sa antas na pederal. Kahit na ang pansamantalang hindi pagbabayad sa upa para sa isa o dalawang unit sa isang maliit na paupahan ay maaaring maglagay ng kalusugan sa pananalapi at operasyon ng isang ari-arian sa peligro. Panghuli, dahil ang stock sa pagpapaupa ng New Jersey ay higit na binubuo ng mga maliliit na gusali, ang pagsuporta sa maliliit na mga ari-arian sa buong panahon ng Emerhensiya ng COVID-19 ay kritikal.

Noong Hulyo 30, 2020, inaprubahan ng Board ng New Jersey Housing and Mortgage Finance Agency (NJHMFA) ang paglikha ng Programang Emerhensiyang Kaloob para sa Maliit na Kasero (SLEG)—isang programang emerhensiyang kaloob na pondo upang ibalik sa mga may-ari ng maliliit na ari-arian ang pagbaba ng kita sa upa na nauugnay sa COVID-19 para sa apat na buwang panahon sa pagitan ng Abril at Hulyo ng 2020. Ang mga kasero na tumatanggap ng tulong ay inaasahan na ipapasa sa mga nangungupahan ang benepisyo sa pamamagitan ng pagpapatawad sa natitirang upa mula sa nakaraan at mga nahuli na bayarin na naipon sa panahong ito. Sa Setyembre 25, 2020, inaprubahan ng Lupon ng NJHMFA ang allowance para sa ikalawang ikot ng mga aplikasyon na tatanggapin. Ang pondo para sa ikot na ito, na hindi lalampas sa \$10 milyon, ay magmumula sa Coronavirus Relief Fund, na itinatag sa ilalim ng pederal na Coronavirus Aid, Relief, at Economic Security (CARES) Act.

Layunin

Ang Programang SLEG ay may dalawang pangunahing layunin. Una, nilalayan ng Program na tulungan ang maliliit na mga kasero sa pagpapanatili ng kalidad at kalusugang pampinansiyal ng kanilang mga ari-arian (ibig sabihin, sa pamamagitan ng pagsuporta sa patuloy na gastos ng mga operasyon, pati na rin ang pagbabayad ng serbisyo ng mortgage at utang). Pangalawa, nilalayan ng Programa na suportahan ang seguridad ng panirahan ng mga nangungupahan na naapektuhan ng COVID; ang pagpapatawad sa natitirang upa mula sa nakaraan, nang bahagi o buo, ay nakakabawas sa panganib ng mga

nangungupahan na mapaalis dahil sa hindi pagbabayad kapag nagpaso na ang moratorium sa buong estado.

Ang Programang SLEG ay tututok sa maliit na pinapaupahang ari-arian, kung saan naninirahan ang karamihan ng mga nangungupahan sa estado na mababa at katamtaman ang kita. Ang ikalawang ikot ay bukas sa mga gusaling may tatlo hanggang 30 yunit.

Mga Karapat-dapat na Gamit at Halaga sa Kaloob

Sa ilalim ng Programang SLEG, ang isang matagumpay na aplikante ay makakatanggap ng isang gawad para sa pagbabalik ng nawalang kita sa upa bilang resulta ng emerhensiya ng COVID-19. Walang paunang tinukoy na pinakamababa o pinakamataas na halaga ng gawad. Ang mga gagawaran ng programa ay makakatanggap ng isang beses at lump-sum na bayad ng kaloob sa halaga ng kabuuang kakulangan sa upa na naranasan ng pinauupahan na ari-arian sa pagitan ng Abril 2020 at Hulyo 2020. Ang kabuuang kakulangan sa upa sa ari-arian ay kinakalkula sa pamamagitan ng pagdaragdag sa netong kakulangan sa renta na naranasan sa bawat "unit na naapektuhan ng COVID" sa ari-arian sa panahong ito. Ang unit na naapektuhan ng COVID ay ang nakaranas ng netong kakulangan sa pagpapauya sa pagitan ng Abril at Hulyo 2020, at kung saan ay may mababang hanggang katamtamang mga antas ng upa (tingnan ang mga hangganan sa upa ng county sa ibaba).

Kwalipikasyon

Upang maging karapat-dapat para sa Programang SLEG, ang aplikante at ang ari-ariang pinapaupahan ng aplikante ay dapat makatugon sa sumusunod na pamantayan sa pagiging karapat-dapat:

- Ang aplikante ang Pangunahing May-ari ng Ari-arian nang hindi bababa sa isang maliit na residensyal na pinapaupahan (ibig sabihin, hindi condominium o kooperatiba) na ari-arian sa New Jersey at nakarehistro sa Bureau of Housing Inspection ng NJDCA.
 - Sasalain ng NJHMFA ang ari-arian para sa mga umiiral na paglabag sa alituntunin ng kaligtasan ng buhay sa Sistema ng Pamamahala sa Inspeksyon ng Rehistro (Registration Inspection Management System, RIMS) ng NJDCA.
- Ang aplikante ay **HINDI** isang entidad ng gobyerno o awtoridad sa pabahay ng publiko.
- Ang aplikante ay napapanahon sa lahat ng mga obligasyon sa estado at lokal na buwis.
- Ang ari-arian ng aplikante ay naglalaman ng hindi bababa sa tatlo at hindi hihigit sa 30 kabuuang mga yunit ng pabahay.
- Ang ari-arian ng aplikante ay **HINDI** isang pana-panahong ari-arian o bakasyunang ari-arian na pinapaupahan.
- Ang ari-arian ng aplikante ay naglalaman ng hindi bababa sa isang **hindi bakanteng** unit na "apektado ng COVID" na nakaranas ng netong kakulangan sa renta na nasa pagitan ng Abril at Hulyo ng 2020. Nangangahulugan ito na ang kabuuang upa mula sa nangungupahan sa loob ng apat na buwang ito ay lumalampas sa halagang binabayaran ng nangungupahan sa panahong ito.
- Ang (mga) unit na apektado ng COVID na hinahangad ng aplikante na maibalik ang bayad sa upa ay may mababang hanggang katamtaman na mga antas ng upa (ibig sabihin, may mga upa na mas mababa kaysa o katumbas ng mga halagang nakalista sa tsart sa ibaba). Ang pinakamataas na mga upa ay batay sa mga antas ng upa na abot-kaya ng isang sambahayan na kumikita ng 80% ng median na kita sa lugar. Mangyaring tandaan na kung ang isang unit ay may upa na mas mataas sa hangganan ng upa para sa laki ng silid-tulugan nito, ang unit na iyon ay *hindi kwalipikado* para sa tulong. Walang di-buong tulong ang igagawad.

Pinakamataas na mga Hangganan ng Upa ayon sa Laki ng Silid-tulugan						
County ng Pinapaupahang Ararian	Studio	1-Silid-tulugan	2-Silid-tulugan	3-Silid-tulugan	4-Silid-tulugan	5-Silid-tulugan
County ng Atlantic	1,182	1,266	1,518	1,754	1,956	2,159
County ng Bergen	1,504	1,611	1,932	2,232	2,490	2,748
County ng Burlington	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Camden	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Cape May	1,202	1,288	1,546	1,785	1,992	2,197
County ng Cumberland	1,028	1,102	1,322	1,527	1,704	1,880
County ng Essex	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Gloucester	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Hudson	1,382	1,480	1,776	2,051	2,288	2,525
County ng Hunterdon	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060
County ng Mercer	1,564	1,676	2,012	2,324	2,592	2,861
County ng Middlesex	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060
County ng Monmouth	1,532	1,642	1,970	2,276	2,540	2,802
County ng Morris	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Ocean	1,532	1,642	1,970	2,276	2,540	2,802
County ng Passaic	1,504	1,611	1,932	2,232	2,490	2,748
County ng Salem	1,354	1,450	1,740	2,010	2,242	2,474
County ng Somerset	1,674	1,793	2,152	2,486	2,774	3,060
County ng Sussex	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Union	1,496	1,603	1,924	2,222	2,478	2,735
County ng Warren	1,448	1,552	1,862	2,151	2,400	2,648

Ang karagdagang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat ay maaaring mailapat, na batay sa anumang naaangkop na mga kinakailangan sa Pederal na nauugnay sa pederal na CARES Act at maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa, isang paghihigpit sa mga pagkakadoble ng mga benepisyo na maaaring magbukod sa mga potensyal na aplikante na nakatanggap na ng pederal na tulong, pati na rin ang kinakailangan na ipapakita pa ng aplikante na nagkaroon ito ng mga negatibong epekto mula sa COVID-19.

Bukod sa pagtugon sa mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat na tinukoy sa itaas, dapat patunayan ng mga aplikante na kung matagumpay ang kanilang aplikasyon, hindi nila sisimulan ang mga paglilitis sa pagpapaalis batay sa mga pagbabayad sa upa na napalagpas ng mga nangungupahan sa mga unit na ibinalik ng SLEG ang bayad. Dapat ding patunayan ng mga aplikante na hindi nila sisingilin ang bayad ng natitirang upa mula sa nakaraan na naipon sa pagitan ng Abril at Hulyo 2020 ng mga nangungupahan sa

mga unit na binayaran ng SLEG. Ang anumang makabuluhang paglabag sa sertipikasyon na ito ay maaaring magresulta sa pagsingil ng NJHMFA para sa bayad ng kaloob.

Proseso ng Aplikasyon

Kakailanganin ang aplikante na lumikha ng isang account sa platform ng aplikasyon sa SLEG gamit ang isang wastong email address. Upang makapagrehistro, dapat gumamit ang mga aplikante ng isang email account na mayroon silang regular na pag-access, dahil gagamitin ng mga kawani ng NJHMFA nang eksklusibo ang platform upang makipag-ugnayan sa aplikante. Pagkatapos makagawa ng isang account, maaaring lumikha at magsumite ang aplikante ng isang aplikasyon para sa pinapaupahang ari-arian. Kung ang aplikante ay mayroong maraming karapat-dapat na mga ari-arian, kakailanganin nilang magsumite ng isang hiwalay na aplikasyon para sa bawat ari-arian.

Ang bawat aplikasyon ay nangangailangan ng ilang mga piraso ng impormasyon, kabilang ang ngunit hindi limitado sa:

- Ang Taxpayer Identification Number ng aplikante at ang nakumpletong [IRS Form W-9](#). Ang mga detalye tungkol sa pinapaupahang ari-arian, kabilang ang address ng ari-arian. Ang mga karapat-dapat na ari-arian ay susuriin para sa mga paglabas sa alituntunin sa kaligtasan ng buhay sa loob ng database ng Registration Inspection Management System (RIMS) ng DCA. Ang mga karapat-dapat na Ari-arian ay kailangang nakarehistro, nasuri at nasa mabuting katayuan hanggang Setyembre 22, 2020.
- Ang isang accounting ng pananalapi ng kita sa upa ng ari-arian sa apat na buwan bago mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Disyembre ng 2019 - Marso ng 2020) at ang apat na buwan pagkatapos mismo ng pagsiklab ng COVID-19 (Abril ng 2020 - Hulyo ng 2020).

Dapat na magbigay ang mga aplikante ng tatlong form ng dokumentasyon upang maberipika ang ibinigay na impormasyon:

- **W-9 na form ng buwis**
 - Para sa bawat pinaupahang ari-arian, dapat kang mag-upload ng nakumpletong W-9 na form ng buwis na naglilista sa numerong pagkakakilanlan ng buwis na ginagamit para sa pinapaupahang proyekto. Makikita ang form na ito sa website ng IRS.
 - Ang form na ito na napunan ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay kinakailangan upang makumpirma ng NJHMFA na walang mga natitirang pananagutan sa buwis sa Estado ng New Jersey.
 - Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay ang numerong ginamit nang iulat ang kita ng paupahang proyekto na ito para sa pederal at/o mga layunin ng buwis ng kita ng New Jersey. Ang numerong pagkakakilanlan ng buwis ay maaaring alinman sa Social Security Number ng tao o Employer Identification Number ng negosyo, depende sa naunang kasaysayan ng pag-uulat ng buwis ng paupahang proyekto. Mangyaring sumangguni sa mga talaan ng buwis ng kita para sa proyektong paupahan na ito.
- (Mga) pahayag ng bangko o iba pang katibayan ng mga pinansyal na transaksyon. Ang mga talaan na ito ay dapat na sasaklaw para sa mga panahon bago at sa apat na buwan na panahon pagkatapos ng paglaganap ng COVID-19: Disyembre ng 2019 hanggang Marso ng 2020 at Abril hanggang Hulyo ng 2020. Dapat ay malinaw na naipapakita ng mga pahayag ang pagkalugi ng kita sa pagitan ng dalawang panahon na ito sa pamamagitan ng pagpapakita sa mga pagbabayad sa unang panahon, at hindi o nabawasang mga pagbabayad sa ikalawang panahon. Hinihikayat ang mga aplikante na i-annotate ang kanilang mga pinansyal na talaan upang

matiyak na makikita ng mga tagasuri ng NJHMFA kapag nangyari ang mga pagbawas ng kita at kung aling mga unit sa ari-arian ang apektado.

- Sa mga kasong cash lang ang ginamit, ang aplikante ay dapat na magbigay ng mga nakanotaryong resibo na pinirmahan ng nagpapaupa at nangungupahan.
- (Mga) Pagpapaupa. Ang mga aplikante ay dapat mag-upload ng napapanahon at umiiral na pagpapaupa para sa *bawat* unit na apektado ng COVID na ginagawan ng aplikasyon ng aplikante, nang may nakalistang halaga ng upa. Kung nakaranas ang (mga) unit ng aplikante ng pagbabago ng nangungupahan sa pagitan ng Disyembre ng 2019 at Hulyo ng 2020, dapat nilang isama ang lahat ng mga pagpapaupa na ipinatupad sa panahong ito.

Pagrepaso sa Aplikasyon at Pagpapamahagi ng Pondo

Ang portal ng aplikasyon ay magbubukas sa **Setyembre 28, 2020 sa 12 PM EDT** at mananatiling bukas hanggang **Oktubre 13, 2020 sa 4 PM EDT**. Kapag sarado na ang portal ng aplikasyon, rerepasuhin ang mga aplikasyon sa isang computer-randomized na ayos gagawaran batay sa pagiging karapat-dapat at pagkakumpleto.

Ibibigay ng NJHMFA ang online na aplikasyon sa Ingles at Espanyol. Ang NJHMFA ay nakipagkontrata para sa mga serbisyo ng interpretation upang suportahan ang nagsasalita ng alinman sa hindi bababa sa 10 mga karagdagang wika: Arabe, Mandarin, Kantonese, Gujarati, Hindi, Italyano, Koreano, Polish, Portuges, at Tagalog. Ang mga isinalin na bersyon ng aplikasyon ay magagamit na sa website ng Programang SLEG bago pa ang paglunsad sa portal. Maaaring makipag-ugnayan ang mga aplikante sa languagehelp@njhmfa.gov upang makatanggap ng tawag sa loob ng isang araw ng negosyo mula sa isang kinatawang maaari nilang makausap sa kanilang pangunahing wika.

Kapag naisumite na, ang aplikasyon ay susuriin para sa pagiging karapat-dapat at pagkakumpleto. Gagamitin ng NJHMFA ang dokumentasyon na ibinigay upang mapatunayan ang impormasyong naipasok sa web form. Kung makatukoy ang mga tagasuri ng NJHMFA ng (mga) suliranin sa dokumentasyon, aabisuhan nila ang aplikante sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon, na sa puntong ito ay magkakaroon ang aplikante ng limang araw ng negosyo upang lutasin ang (mga) suliranin. Kung mabigo ang aplikante na gawin ito, maaaring mawala ang kanilang pagkakataon na makatanggap ng tulong na kaloob.

Ang mga aplikante ay aabisuhan sa pamamagitan ng portal ng aplikasyon napili man ang kanilang aplikasyon para sa gawad, inilagay sa isang listahan ng maghihintay, o tinanggihan. Ang lahat ng mga aplikante na napili para sa gawad ay hihilingin na i-upload ang kanilang mga detalye sa bangko (pangalan ng bangko, mga numero ng account at routing) para sa kasunod na pagbabayad. Ang aplikante ay mayroong limang araw ng negosyo upang ilagay ang kanyang mga detalye sa bangko sa portal ng aplikasyon. Kung mabigo silang i-upload ang kanilang mga detalye sa portal sa loob ng takdang oras na ito, maaaring mawala ang pagkakataon nilang matanggap ang kanilang kaloob na tulong.

Ang pondo ay ipapamahagi sa panghuling pag-apruba sa aplikasyon para sa kaloob. Kapag naipamahagi na ang bayad, aabisuhan ng NJHMFA ang mga nangungupahan na naninirahan sa mga unit ng binayaran ng SLEG sa pamamagitan ng koreo. Ang mga liham sa mga nangungupahan ay magpapaliwanag na hindi sila responsable sa pagbabayad sa hindi nabayarang upa sa nakaraan at mga nahuling bayarin na naipon sa pagitan ng Abril at Hulyo 2020.

Mga Bayarin

Ang programang ito ay inilaan upang tugunan ang pinansyal na kahirapan, at sa gayon, walang mga bayarin ang kokolektahin ng NJHMFA para sa programang ito.

Karagdagang Impormasyon

Ang karagdagang impormasyon sa ikalawang ikot ng Programang Emerhensiyang Kaloob para sa Maliit na Kasero ay maaaring makita sa www.njhousing.gov/rentals/sleg.

Gusto mong kausapin ang isang Kinatawan ng Programang SLEG? Tawagan ang aming Toll-Free na Hotline sa 866-280-9756 o mag-email sleg@njhmfa.gov.